

Pangkalahatang ideya ng pag-aaral

Ang pananaliksik ay tungkol sa pagbigkas ng letrang R ng mga Tagalog heritage language speakers sa Toronto, Canada. Sa tradisyunal na pagsasalita ng Tagalog, binibigkas ang letrang R kung saan nakarolyo ang dila, ikanga “rolling the Rs.” Subalit mayroon pang isang pagbigkas ng letrang R sa Tagalog na may hango sa pagbigkas nito sa Ingles at tinatawag ng artikulong ito bilang approximant R. Ang layunin ng pananaliksik ay upang matukoy o iugnay ang pagbabago ng pagbigkas ng letrang R sa Tagalog gamit ang pananaw galing sa ethnic orientation ng isang tao at variationist sociolinguistic method. Nakapaloob ang artikulong ito ng iba’t-ibang aspeto ng pagbabago sa pagbigkas ng letrang R sa Tagalog.

Pamamaraan ng pananaliksik

Ginamit ng pananaliksik ang impormasyon galing sa *Heritage Language Variation and Change in Toronto Project*. 23 heritage speakers sa Canada (“heritage speaker”) at 9 speakers sa Manila, Philippines (“homeland speaker”) ang mga kalahok. Dalawang henerasyon ng mga heritage language speaker ang kasali. Lahat ng kalahok ay sumailalim sa halos isang oras na *in-person sociolinguistic* na panayam. Trinascibe sa ELAN ang mga interbyu na ito at siniyasat ng mga tatlong Tagalog speakers. Tinukoy at binilang kung rolling Rs o approximant R ba ang binibigkas ng mga kalahok at alin ang *word position*, sa umpisa, gitna, o dulo ng kataga.

Sinagot din ng mga kalahok ang *Ethnic Orientation Questionnaire* kung saan may mga tanong tungkol sa kanilang etnikong identidad at paggamit ng wika. Binigyan ng mga code ang kanilang mga sagot: 0, 1, at 2. Ang mas mataas na grado ay nagsasabing mas umuugnay sila sa kanilang pagkakakilanlan bilang Filipino at komportable sila sa Tagalog. Ang mas mababang grado naman ay nagsasabing mas nakaka-relate sila sa kanilang pagkakakilanlan bilang Canadian at mas komportable sila sa Ingles.

Gamit ang pagsusuri ng mga interbyu at *Ethnic Orientation Questionnaire*, kinumpara ng mga mananaliksik ang mga ito sa isa’t-isa para matukoy ang mga pattern sa pagbabago ng pagbigkas ng letrang R. Kinumpara nila ang impormasyon ng mga heritage speakers mula sa Canada sa mga speakers sa Pilipinas gamit ang kanilang edad, kasarian, *word position* ng pagbigkas nila ng approximant R, at pagbigkas ng mga loan word ng Ingles.

Resulta ng pag-aaral

Batay sa resulta ng pananaliksik, ang antas ng paggamit ng pagbigkas ng approximant R ng mga GEN1 heritage speaker at homeland speaker ay halos pareho lang. Subalit, malaki ang agwat ng antas ng paggamit sa mga GEN1 at GEN2 heritage speaker. Sa mga heritage speaker, tinuring ang “transfer” ng Ingles approximant R sa Tagalog dahil mas nagsasalita sila sa Ingles kaysa sa Tagalog. Sinasabi ng mga mananaliksik na ito ay marahil mas maraming exposure ang heritage speaker, lalo na ang mga GEN2, sa Ingles at dahil dito ang pagbigkas nila ng letrang R sa Tagalog ay kapareha sa Ingles. Gayunpaman, walang kaugnayan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok sa paggamit nila ng approximant R o rolling R.

Praktikal na implikasyon / kabuluhan

Ang pagsasalita ng Tagalog sa labas ng Pilipinas (o kahit sa Pilipinas) ay may halo na ng Ingles tulad ng mga hiram na salita at pagbigkas ng mga kataga gamit ang approximant R. Sinubukan ng pananaliksik na ipakita ang pagbabago ng Tagalog base sa iba’t-ibang henerasyon ng mga heritage speaker at pagkumpara ng mga homeland speaker sa mga heritage speaker. Sa ngayon, wala pang tiyak na sagot kung bakit binibigkas ang approximant R sa Tagalog pero ang pananaliksik ay nagbigay ng iba’t-ibang halimbawa kung saan nagbabago ang Tagalog. Sa mga susunod na henerasyon lalo na sa U.S. at Canada, mas marami pa ang gagamit ng approximant R. Samakatuwid ang pagkakaintindi ng pagbabagong ito ay puwedeng maging isang patnubay sa pagtuturo ng mga Tagalog heritage language learner.

Original Text: Umbal, P. & Nagy, N. (2021). Heritage Tagalog phonology and a variationist framework of language contact. *Languages*, 6(4), 201. <https://doi.org/10.3390/languages6040201>